Can you name any symptom of ovarian cancer?

Mapapangalanan mo ba ang anumang sintomas ng kanser sa obaryo?

- Pagbubundat ng tiyan
- Pananakit ng tiyan o likod
- Pagkawala ng ganang kumain o mabilis na makaramdam ng pagkabusog
- Mga pagbabago sa kagawian sa pagdumi
- Hindi maipaliwanag na pagkabawas o pagdagdag ng timbang
- Impatso o heartburn
- Labis na kapaguran

Kung hindi mo ito magagawa, hindi ka nag-iisa.

Naipapakita ng pananaliksik na isa sa limang kababaihang Australyano ay hindi mapapangalanan ang isang sintomas ng kanser sa obaryo.

Kapag ang alinman sa mga sintomas na ipinakita sa itaas ay HINDI PANGKARANIWAN para sa iyo, at kung sila ay NAGPAPATULOY, mangyaring makipagkita sa iyong doktor.

Walang sinuman ang makakaalam sa iyong katawan nang gaya mo.

Tungkol sa kanser sa obaryo

Sa taong ito, humigit-kumulang 1300 kababaihan ang masusuring mayroong kanser sa obaryo sa Australia.

Karamihan sa mga babae na may kanser sa obaryo ay makakaranas ng hindi kukulangin sa isang sintomas ng sakit sa taon bago ang kanilang diyagnosis.

Ano ang maaari mong gawin?

Walang pagsusuri sa pagsasala (screening test) para sa kanser sa obaryo. Ang pinakamabuting bagay na iyong magagawa ay alamin ang iyong katawan at magkaroon ng kamalayan ng mga sintomas ng sakit.

Ang Pap test ay hindi makakatuklas sa kanser sa obaryo. Dinisenyo ito upang matuklasan ang kanser sa cervix.

Tungkol sa mga sintomas

Ang mga sintomas ng kanser sa obaryo ay kadalasang hindi malinaw at maaaring maging katulad ng mga sintomas ng maraming iba pang mga kondisyon na maaaring bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay.

Pero kapag ang alinman sa mga sintomas na ito ay HINDI PANGKARANIWAN para sa iyo, at kung sila ay NAGPAPATULOY, mangyaring makipagkita sa iyong doktor.

Walang sinuman ang makakaalam sa iyong katawan nang gaya mo.

www.canceraustralia.gov.au

© Cancer Australia 2012

OCAB(t)